


9

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 13

Lipunang Sibil, Alamin at Pagyamanin



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 13: Lipunang Sibil, Alamin at Pagyamanin
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rey S. Siarot

Editor: Amna T. Magsucang, Filma B. Catalan

Tagasuri: Mona Liza M. Babiera at Rose Marie E. Diocares

Tagaguhit:

Tagalapat: Gemma B. Malicay

Tagapamahala: Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanelyn A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rose Marie E. Diocares

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 13
Lipunang Sibil, Alamin
at Pagyamanin**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang Makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Lipunang Sibil, Alamin at Pagyamanin

Ang araling ito ay magbibigay sa iyo ng sapat na kaalaman tungkol sa iba't ibang lipunang sibil at mga kasamang institusyon nito sa lipunan. Ang sama-samang pagkilos ng tao sa komunidad ay nagbibigay ng magandang simulain upang maabot ng mga tao o lipunan ang pinakamataas na antas ng pag-unlad at pagsulong bilang katuwang ng pamahalaan sa paghahatid ng tulong o serbisyo publiko para sa kabutihang panlahat.

Sa modyul na ito ay inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:


1. Natutukoy ang mga halimbawa ng lipunang sibil at ang kani-kaniyang papel na ginagampanan ng mga ito upang makamit ang kabutihang panlahat.

Layunin 1: Nakapagbibigay ng limang halimbawa ng pangalan ng lipunang sibil, at ang uri ng paglilingkod nito;

Layunin 2: Nasusuri ang ginagampanang papel ng isang lipunang sibil; at

Layunin 3: Nakagagawa ng isang uri ng paglilingkod sa kapwa-tao sa lipunan o sa komunidad.

Game ka na ba? Halika na't sagutin mo ng buong puso't galak ang paunang gawaing nakalaan para lamang sa iyo.



Subukin

PANUTO: Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. May limitasyon ang yaman ng isang tao. Darating ang punto sa ating buhay na nangangailangan tayo ng tulong o serbisyo ng ating kapwa-tao. Paano matutugunan ang pangangailangan ng isang tao kung sakaling nagawa na ng gobyerno ang lahat na dapat gawin ngunit kulang pa rin ito?
 - a. Maghintay kung kailan darating ang tulong.
 - b. Magnakaw upang may pambili ng makakain.
 - c. Mangibang bayan o bansa upang maghanap ng trabaho.
 - d. Sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng grupo na may tunguhing mag-aabot ng tulong o magtuturo sa komunidad ng mga programa ng alternatibong pangkabuhayan.
2. Anong anyo ng lipunang sibil ang mga nabanggit na halimbawa *facebook*, *twitter*, at *instagram*?
 - a. simbahan
 - b. pulitika
 - c. lipunang sibil
 - d. media
3. Sa paanong paraan makakamit ang kabutihang panlahat?
 - a. Sa pagpanalangin sa mga nangangailangan.
 - b. Sa pagsabi ng mabuti sa mga nangangailangan.
 - c. Sa pagkilala at pagsuri sa mga pangangailangan ng mamamayan.
 - d. Sa pakikilahok sa mga lipunang sibil na nagsusulong ng pagtugon sa pangangailangan ng nakararami.
4. Ano ang tawag sa grupo o koleksyon ng mga indibidwal na nakakategorya sa labas ng pamilya, estado, at merkado, at aktibong nakikipag-ugnayan sa mga tao upang makamit ang iisang adhikain at isulong ang kanilang mga itinakdang layunin?
 - a. simbahan
 - b. pulitika
 - c. media
 - d. Lipunang Sibil
5. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa mga pagpapahalaga na isinusulong ng lipunang sibil upang makamit ang kabutihang panlahat MALIBAN sa:
 - a. Ang lipunang sibil ay kadalasang nakapanig sa mga miyembro ng lipunan na may marangyang katayuan sa buhay.
 - b. Nauunawan ng lipunang sibil ang mga kalagayan ng mga mahihirap.
 - c. Mahalaga ang karapatang pantao, at ang pantay-pantay na pagtingin sa batas.
 - d. Ang lipunang sibil ay kadalasang nakapanig sa mga miyembro ng lipunan na nasa mababang antas.

6. Alin ang HINDI nagsusulong ng kabutihang panlahat?
- | | |
|-------------|-----------------------|
| a. pulitika | c. lipunang Sibil |
| b. simbahan | d. fraternity at gang |
7. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng halimbawa ng isang organisasyon ng lipunang sibil?
- Pagnanais ng mga mamayan na matugunan ang kanilang mga pangangailangan na bigong tugunan ng pamahalaan at kalakalan.
 - Nailalagay natin sa mas mababang antas ang kabuluhan ng mga material na bagay na ating tinatamasa
 - Ang pagtugon ng mga simbahan sa iba't ibang kalagayan ng piling mamamayan.
 - Pag organisa ng ating mga sarili tungo sa pagka watak-watak ng bawat isa.
8. Hindi ikabubuti ninuman ang kasinungalingang bunga ng pagdadagdag-bawas sa katotohanan. Ang pahayag na ito ay_____.
- Tama, dahil ang pagsisinungaling ay nakadepende sa sitwasyon.
 - Tama, dahil ang pagbaluktot sa katotohanan ay isang panlilinlang.
 - Mali, sapagkat ang lahat ay nagkakasala at hindi karapat-dapat sa katotohanan
 - Mali, kung ang katotohanan ay makakasama sa kalusugan ng isang tao ay panatilihin na lamang ito na lingid sa kanyang kaalaman.
9. Ang Gabriela ay isang grupo ng kababaihan sa Pilipinas na naging isang pampolitikong partido. Sa kanilang pagsulong ay naisabatas ang mga sumusunod, MALIBAN sa:
- Anti-Trafficking in Persons Act (2003)
 - Rape Victims Assistance and Protection Act (1998)
 - Anti-Violence Against Women and Their Children act (2004)
 - Naglathala ng alternatibong pahayagan, at nagsaliksik sa ugnayan Kristiyano at Muslim
10. Ito ay tinatawag na medium kung marami at naghahatid ng balita para sa lahat ng mga mamamayan.
- | | |
|----------|-------------|
| a. ICT | c. Internet |
| b. Media | d. Simbahan |

Aralin

1

LIPUNANG SIBIL, MEDIA AT SIMBAHAN

Ang modyul na ito ay ginawa upang mapahusay ang kaalaman at kakayahan ng Lipunang Sibil, Media at Simbahan na naaayon sa pamantayan ng araling Edukasyon sa Pagpapakatao sa ika-9 na baitang.

Simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa tekstong nasa ibaba.



Balikan


Pwede bang makalaya sa buhay ang taong isang kahig isang tuka? Ang mga taong sadlak sa kahirapan? Sino ba ang maituturing na mahirap sa lipunan? Yaong taong kulang sa edukasyon o salat sa mga materyal na bagay o hindi pinalad na magmay-ari ng kaban ng yaman? Mahirap ang maging mahirap ika nga, pero sa kalagayan o sa mga sitwasyong kagaya ng krisis sa COVID-19 na kinakaharap ng bansa natin ngayon hindi malayong damay tayo sa pagkakataon. Ngunit may magagawa ka ba upang mabawasan o maibsan man lamang ang masamang epekto ng sitwasyon sa ating kapwa tao o sa ating komunidad? Aba meron! Ikaw o tayong lahat ay maaaring biyaya para sa iba upang maibsan o di kaya'y hindi gaanong maramdam ang negatibong epekto na ito para sa kanila.

Sa puntong ito, kailangang sama-sama tayong kumilos, ipakita na hindi sila nag-iisa sa sitwasyon, na may karamay, pag-asa sa kabila ng mga pangyayari, at higit sa lahat ay kumikilos ang Diyos sa buhay nila. Tayo na at kapit-bisig nating simulan ang **“Tulong ko Alay Ko sa Kapwa Mahal ko”**.

Mga Tala para sa Guro

Suriin ang sagot ng mag-aaral. Bigyan agad ng komento ang mag-aaral pagkatapos makompletong masagot at magawa ang mga Gawain. Kung ang resulta ng pagsusuri ay mababa pa sa 100%, hingkayatin ang mag-aaral na ulitin hanggang maabot ang 100% kahusayan.

Sa susunod na bahagi ay sasagutin mo ang isang gawain upang inisyal na masukat ang iyong nalalaman tungkol sa iba't ibang lipunang sibil.




Tuklasin

Gawain 1: I-R-F (Initial, Revise, Final) Chart

PANUTO: Isulat sa unang kolum (Alam Ko Ngayon) ng tsart ang iyong sagot sa tanong na nasa loob ng kahon sa ibaba.

Paano ang lipunang sibil, media, at simbahan ay makatutulong sa pagkamit kabutihang panlahat?		
Alam Ko Ngayon	Nadagdag Kong Kaalaman	Ito na ako Ngayon

“Ang ating lipunan ay puno ng batas upang ang mga mamamayan ay mapabuti, pero marami ring panahon na nagkukulang ang ating pamahalaan sa pagkamit nito. Kaya, ang bawat isa sa atin ay dapat tumugon o kumilos para maka-ambag para sa ikauunlad ng buhay sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos. Suriin mo ang iyong sarili kung ano ang kaya mong gawin upang makatulong sa lipunan o sa kapwa-tao.



Suriin

Gawain 2: Larawan Suri

PANUTO: Pag-aralan ang larawan. Pagkatapos sagutin ang tanong sa ibaba. Gumamit ng ibang papel para sa iyong sagot.



Photo by Rey S. Siarot, feeding program of Palomoc Alliance Church, Titay, ZSP, 2018

Tanong: Batay sa larawan sa itaas, anong uri ng paglilingkod ang naipakita ng isang simbahan sa Palomoc, Titay, Zamboanga Sibugay at paano ito nakatutulong sa lipunan? Paano mo mapahahalagahan ang ganitong paglilingkod ng isang lipunan?

Sagot: _____

Ngayon naman ay iyong linangin ang kaisipan tungkol sa ating aralin. Halika na't basahin at unawain mo ang teksto na nasa ibaba.

Ang Konsepto ng Lipunang Sibil, Media at Simbahan at ang mga Halimbawa Nito

Totoo rin ba sa iyong sarili na minsan ang iniisip mo lang ay ang iyong sariling kapakanan? Totoo ito sa akin at ito ay nagiging sanhi sa pagkawatak-watak sa lipunan at sa pamilya. Naniniwala ako na ang pinag-isang pagsisikap ay makapagmultiplika ng resulta. Kailangan natin ang isa't isa.

Ang lipunan ay likas na napakaraming mga batas na ginagawa o ipinapatupad upang susundin ng mga tao nang sa gayon ay mapabuti at maging matiwasay ang kanilang pamumuhay. Subalit sa maraming pagkakataon, ito'y hindi rin nasusunod o di kaya'y nagkukulang ang pamahalaan sa pagganap ng kanilang mga tungkulin sa napakarami ring kadahilanan at pagkakataon.


Bunga ng pagyayaring ito, ang mga mamamayan ay nagkukusang loob na gumawa ng pansariling paraan upang maisagawa ang isang adhikaing naglalayong tugunan ang ilang suliraning hindi agarang natutugunan ng ating pamahalaan, dahil dito nabuo ang konsepto ng lipunang sibil na may layuning isulong ang ikabubuti ng bawat kasapi ng lipunan. Magkusang loob tayong kumilos at tumulong upang makapag-ambag para sa ikabubuti ng lahat sa pamamagitan ng ating pinagsama-samang lakas, talento, at kakayahan. Bilang isang mamamayan, ano ang kaya mong maibigay, magawa o maisakripisyo para sa kapwa upang makatulong sa komunidad para sa kabutihang panlahat?

Ang Lipunang Sibil ay isang uri ng lipunan na kusang loob na nag-oorganisa ng ating mga sarili tungo sa samasamang pagtuwang sa isa't isa. Tayong lahat ay kabilang sa isang lipunang sibil sapagkat tayo ay mayroong pamilya at ang pamilya ang siyang pinaka pangunahing unit ng isang lipunang sibil. Ang layunin ng lipunang sibil ay mabigyang pansin ang pagkukulang ng pamahalaan at gabayan ang mga mamamayan.

Ang *media* ay tumutukoy sa anumang bagay na nasa pagitan o namamagitan sa nagpadala at pinadalhan. Sila ang naghahatid ng balita para sa lahat ng mga mamamayan. Ito ay tinatawag na medium kung marami. Ang mga halimbawa nito ay ang *facebook*, *twitter*, at *instagram* naglalayong maghatid ng sari-saring impormasyon, balita, at iba pa. Sa pagpapalutang ng mahahalagang impormasyon ay napanatili moa ng ikabubuti ng iba pang kasapi ng lipunan. Ito ay pinaglalagakan lamang ng mga katotohanang kailangan ng lipunan para sa ikabubuti ng bawat kasapi nito. Hindi ikabubuti ninuman ang kasinungalingang bunga ng pagdadagdag-bawas sa katotohanan.

Ang simbahan ay nagsisilbing gabay natin sa espiritwal na kaganapan. Ito rin ay panrelihiyong institusyon na siyang nagtataguyod sa ating pagganap. Sa pagigigng pananampalataya mo ay hindi mawawala ang iyong pagkamamamayan. Sa katunayan, ang iyong pananampalatay ay naisasabuhay mo sa pamamagitan ng pagtuwang sa lipunan, at pagtugon sa pananawagan ng lahat.

Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman sa paksa, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng aralin. Ihanda mo ang iyong sarili para sa mas malalim pang pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa iba pang gawain.



Pagyamanin

Gawain 3: Kumpletuhin Mo'to!

PANUTO: Punan ang patlang upang mabuo ang konseptong ninanais na mabuo sa sitwasyong nasa ibaba.

SITWASYON:

Kung nabigo ang estado o bayan na maibigay sa mga tao ang maayos at magandang buhay, kusang-loob
tayong _____

_____ upang ang kabutihang panlahat ay makamit.

Gawain 3.1: Ayusin mo 'to!

PANUTO: Ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga salita upang makabuo ng isang pangungusap. Isulat lamang sa ibang papel ang iyong sagot.

- _____ 1. at tumulong upang makapag-ambag
- _____ 2. sa pamamagitan ng ating pinagsama-samang lakas,
- _____ 3. para sa ikabubuti ng lahat
- _____ 4. talento, at kakayahan
- _____ 5. magkusang loob tayong kumilos

Gawain 3.2: Sagutin Mo'to!

PANUTO: Sumulat ng apat na pangalan ng lipunang sibil (NGO) sa inyong komunidad at ang mga uri ng kanilang paglilingkod (halimbawa Pangkabuhayan). Gumamit ng ibang papel para sa iyong sagot.

Lipunang Sibil (NGO)	Uri ng Paglilingkod
1.	
2.	
3.	
4.	



Isaisip


Gawain 4: I-R-F (Initial, Revise, Final) Chart

PANUTO: Isulat sa Ikalawa (Nadagdag Kong Kaalaman) at sa Ikatlong kolum (Ito ako Ngayon) ang sagot sa tanong na nasa loob ng kahon sa ibaba.

Paano nakatutulong ang mga konsepto lipunang sibil, media, at simbahan sa aking pag-unlad bilang isang tao?		
Alam Ko Ngayon	Nadagdag Kong Kaalaman	Ito na ako Ngayon

MGA PAMANTAYAN SA GAWAIN

Nilalaman – 10 puntos
Organisasyon – 10 puntos
Presentasyon – 5 puntos
Kabuuang -25 puntos



Isagawa

Gawain 5: Kayanin Mo, Ayos 'To!

MGA PANUTO:

1. Sa tulong at gabay ng iyong mga magulang, magsagawa ng isang paglilingkod na iyong hinahangad sa buhay.
2. Mga bagay na maaaring ibigay ay mga napaglumaan ngunit pwede pang gamitin gaya iyong mga gamit, damit o *school supply* sa mahirap na mga mag-aaral/bata o kaya pamilya sa inyong kominidad.
3. Gamitin o sundin lamang ang pormat na nasa ibaba para sa pagsasagawa ng gawain.

Gamitin ang katulad na pormat na nasa ibaba.


"LOVE DRIVE 2020"	
Pangalan ng Binigyan	
Petsa ng Pagsasagawa	
Mga Bagay na Naibigay	
Layunin ng Gawain	
Uri ng Paglilingkod	
Lagda (Tumanggap)	

Paalala: Ang iyong mga sagot sa Gawain ay isulat sa ibang papel.

Rubrik sa Paggawa ng isang Uri ng Paglilingkod

PAMANTAYAN	DESKRIPSYON	PUNTOS	Nakuhang Puntos
Ebidensya	Napunang hiningi na datos sa itaas at may larawan tuwing nagbigay.	10	
Pagkanasapanahon (Timeliness)	Naisagawa at naipasa sa itinakdang oras/araw.	10	
Organisasyon	Mayroong limang tao na nahikayat na mag-ambag para sa ganitong paglilingkod.	10	
Kabuuan Puntos		30	

Binabati kita! At napagtagumpayan mong maisagawa at masagot ang lahat ng gawaing nakalaan sa modyul. Nawa'y maging kaisa ka sa mga tunguhing nais na maisakatupan ng mga taong bukas palad na tumulong sa iba na walang hinihinging kapalit. Umaasa din akong maisasabuhay mo ang mga natutuhan mo sa araling iyong pinag-aralan.




Tayahin

PANUTO: Basahing Mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. May limitasyon ang yaman ng isang tao. Darating ang punto sa ating buhay na nangangailangan tayo ng tulong o serbisyo ng ating kapwa-tao. Paano matutugunan ang pangangailangan ng isang tao kung sakaling nagawa na ng gobyerno ang lahat na dapat gawin ngunit kulang pa rin ito?
 - a. Maghintay kung kailan darating ang tulong.
 - b. Magnakaw upang may pambili ng makakain.
 - c. Mangibang bayan o bansa upang maghanap ng trabaho.
 - d. Sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng grupo na may tunguhing mag-aabot ng tulong o magtuturo sa komunidad ng mga programa ng alternatibong pangkabuhayan.
2. Anong anyo ng lipunang sibil ang mga nabanggit na halimbawa *facebook*, *twitter*, at *instagram*?
 - a. simbahan
 - b. pulitika
 - c. lipunang sibil
 - d. Media
3. Sa paanong paraan makakamit ang kabutihang panlahat?
 - a. Sa pagpanalangin sa mga nangangailangan.
 - b. Sa pagsabi ng mabuti sa mga nangangailangan.
 - c. Sa pagkilala at pagsuri sa mga pangangailangan ng mamamayan.
 - d. Sa pakikilahok sa mga lipunang sibil na nagsusulong ng pagtugon sa pangangailangan ng nakararami.
4. Ano ang tawag sa grupo o koleksyon ng mga indibidwal na nakakategorya sa labas ng pamilya, estado, at merkado, at aktibong nakikipag-ugnayan sa mga tao upang makamit ang iisang adhikain at isulong ang kanilang mga itinakdang layunin?
 - a. simbahan
 - b. pulitika
 - c. media
 - d. lipunang sibil

5. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa mga pagpapahalaga na isinusulong ng lipunang sibil upang makamit ang kabutihang panlahat MALIBAN sa:
 - a. Ang lipunang sibil ay kadalasang nakapanig sa mga miyembro ng lipunan na may marangyang katayuan sa buhay.
 - b. Nauunawan ng lipunang sibil ang mga kalagayan ng mga mahihirap.
 - c. Mahalaga ang karapatang pantao, at ang pantay-pantay na pagtingin sa batas.
 - d. Ang lipunang sibil ay kadalasang nakapanig sa mga miyembro ng lipunan na nasa mababang antas.
6. Alin ang HINDI nagsusulong ng kabutihang panlahat?
 - a. pulitika
 - b. simbahan
 - c. lipunang sibil
 - d. fraternity at gang
7. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng halimbawa ng isang organisasyon ng lipunang sibil?
 - a. Pagnanais ng mga mamayan na matugunan ang kanilang mga pangangailangan na bigong tugunan ng pamahalaan at kalakalan.
 - b. Nailalagay natin sa mas mababang antas ang kabuluhan ng mga material na bagay na ating tinatamasa
 - c. Ang pagtugon ng mga simbahan sa iba't ibang kalagayan ng piling mamamayan.
 - d. Pag organisa ng ating mga sarili tungo sa pagka watak-watak ng bawat isa.
8. Hindi ikabubuti ninuman ang kasinungalingang bunga ng pagdadagdag-bawas sa katotohanan. Ang pahayag na ito ay _____.
 - a. Tama, ang pagsisinungaling ay nakadepende sa sitwasyon.
 - b. Tama, dahil ang pagbaluktot sa katotohanan ay isang panlilinlang
 - c. Mali, sapagkat ang lahat ay nagkakasala at hindi karapat-dapat sa katotohanan
 - d. Mali, kung ang katotohanan ay makakasama sa kalusugan ng isang tao ay panatilihin na lamang ito na lingid sa kanyang kaalaman.
9. Ang Gabriela ay isang grupo ng kababaihan sa Pilipinas na naging isang pampolitikong partido. Sa kanilang pagsulong ay naisabatas ang mga sumusunod, MALIBAN sa:
 - a. Anti-Trafficking in Persons Act (2003)
 - b. Rape Victims Assistance and Protection Act (1998)
 - c. Anti-Violence Against Women and Their Children Act (2004)
 - d. Naglathala ng alternatibong pahayagan, at nagsaliksik sa ugnayang Kristiyano at Muslim
10. Ito ay tinatawag na medium kung marami at naghahatid ng balita para sa lahat ng mga mamamayan.
 - a. ICT
 - b. media
 - c. internet
 - d. simbahan



Karagdagang Gawain


Gawain 6: T-shirt Design

PANUTO: Magdesenyo ng t-shirt na may temang “Tulong ko, Alay Ko sa Kapwa Mahal ko”. Isulat sa kahon ang paliwanag tungkol sa mabubuon desinyo. Maging gabay sa paggawa ng desinyo ang pamantayan.

Paliwanag:

PAMANTAYAN SA PAGDISENYO NG T-SHIRT			
Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Nakuha na Puntos
Kaangkupan sa Tema	Binigyang-pansin ang pagpapahalaga sa pagiging matalino at mapanagutang indibidwal na susi sa pagtamo ng isinusulong na pagpapahalaga ng mga nabanggit na institusyon sa lipunan.	10	
Detalye ng disenyo	Akma sa tema ang mga aspekto ng disenyo ukol sa isinusulong na pagpapahalaga ng mga institusyon sa lipunan	10	
Orihinalidad at Pagkamalikhain	Nagpakita ito ng natatanging disenyo gamit ang pagiging malikhain at angkop na mga kagamitan	10	
Pagpapaliwanag	Mahusay na naipaliwanag ang bawat aspekto ng disenyo na angkop sa tema ng gawain	5	
KABUANG PUNTOS		35	

Mahusay! Napagtagumpayan mo nang maisagawa ang mga inatang na gawain.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. D
3. D
4. D
5. A
6. D
7. D
8. A
9. D
10. B

Pagyananin

Gawain 3.1 Ayusin mo 'to!

1. D
2. C
3. D
4. C
5. D

Subukin

1. D
2. D
3. D
4. D
5. A
6. D
7. D
8. A
9. D
10. B

Mga Sanggunian:

Mga Sanggunian:

Eemliuq Agalalan Follow. "Esp 9 Lm." LinkedIn SlideShare. Department of Education, June 11, 2016. <https://www.slideshare.net/kyung2/esp-9lm?qid=9bb7256804cf-4fac-8a92-eebae636c58b>.

torres, jhon paul. "Ano Ang Lipunang Sibil - Brainly.ph."

braily.ph, December 1, 2017. <https://brainly.ph/question/504544>.

username, frankus. "Ano Ang Lipunang Sibil? - Brainly.ph," August 16, 2016. <https://brainly.ph/question/408400>.

donato82, dana. "Ano Ang Lipunang Sibil? - Brainly.ph."

braily.ph, August 8, 2014. <https://brainly.ph/question/42433..>

Gustia, hanna. "Lipunang sibil media at simbahan"-Brainly.ph." Brainly.ph. August 4, 2017. <https://brainly.ph/question/802495#readmore>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph